

# KALIGTASAN SA PANAHON NG PAGBAGYO



## MANATILING LIGTAS SA MGA MUDSLIDE AT DEBRIS FLOW

Kumusta, mga taga-California! Habang nagdadala ang mas malalamig na buwan ng mga bago at magkakaugnay na hamon sa ating estado, tulad ng mga mudslide at debris flow, kumikilos ang Listos California upang protektahan ang ating mga komunidad.

Habang naghahanda ang Tanggapan ng Mga Serbisyong Pang-emerhensiya ng Gobernador ng California (Cal OES) at mga unang tagatugon sa ating estado para sa matinding panahong ito na dulot ng klima, may ilang simpleng hakbang na IYONG magagawa ngayon upang panatiliing ligtas ang iyong sarili, ang iyong mga mahal sa buhay, at mga kapitbahay.

Ang matinding bagyo at malakas na pag-ulan ay nagpapataas ng panganib ng mga pagbaha at maaari itong humantong sa mga mudslide o debris flow. Maaaring manganib ang iyong buhay dahil sa mga kondisyong ito.



### ALAMIN KUNG SAAN NANGYAYARI ANG MGA MUDSLIDE O DEBRIS FLOW

- **Mga Mudslide:** Kapag mabilis na naiipon ang tubig sa lupa, maaaring gumuho ang isang dalisdis. Maraming lupa, bato, at halaman ang mabilis na dudulas pababa sa burol sa isang ilog ng putik. Mag-ingat sa mga mudslide sa mga lugar na may:
  - Matarik na dalisdis at runoff
  - Mga naunang mudslide at baha
  - Konstruksiyon
  - Nasunog na bahagi dahil sa mga wildfire
  - Mga nakatagilid na poste ng telepono, puno, o bakod
- **Mga debris flow:** Mabilis na gumagalaw na masa ng materyal na gumagalaw pababa sa pamamagitan ng pag-slide, pag-agos at/o pagbagsak. Kasama sa mga materyales ang mga pinaghalong tubig, bato, lupa, mga halaman, at maging malalaking bato at puno. Karaniwang nangyayari ang mga debris flow sa mga panahon ng matinding pag-ulan o mabilis na pagkatunaw ng niyebe. Karaniwang nagsisimula ang mga ito sa mga burol o bundok.
  - Ang pag-ulan sa mga bundok ay maaaring magsimula ng debris flow, kahit na hindi umuulan—o umaambon lang—kung saan ka nakatira. Subaybayan ang mga paparating na bagyo at bigyang-pansin kapag naglabas ang mga opisyal ng abiso ng flash flood o babala dito para sa iyong lugar.
  - Maaaring mas nanganganib ka kung:
    - Nakatira ka malapit sa mga burol, dalisdis, batis, sapa, arroyo, o ilog
    - Nagkaroon ng wildfire ang iyong lugar sa nakalipas na ilang taon
    - Nabasa na ng mga kamakailang pag-ulan ang lupa malapit sa iyo
  - Maaaring maging mapanganib ang kahit maliliit na debris flow.





# MANATILING LIGTAS SA MGA MUDSLIDE AT DEBRIS FLOW



## MAGHANDA PARA SA ISANG MUDSLIDE O DEBRIS FLOW

- Mag-sign up para sa mga lokal na alertong pang-emerhensiya sa [ListosCalifornia.org/Alerts](https://ListosCalifornia.org/Alerts) upang makatanggap ng mga alerto sa iyong telepono.
- Bigyang-pansin ang mga awtoridad at lokal na balita. Maghandang ilikas ang lahat ng tao at hayop sa mas mataas na lugar kung iuutos ito. Maghanda ng Go Bag na may mahalagang dokumento at personal na bagay na gusto mong makuha kung kailangan mong umalis ng bahay nang mabilis.
- Matuto ng ilang ruta papunta sa ligtar na lugar kung mahaharang ng putik o tubig ang mga kalsada.
- Bantayan ang normal na daloy ng tubig para sa mga batis, sapa, at ilog na malapit sa iyo.
- Kumuha ng mga sandbag upang protektahan ang iyong mga pinto at pundasyon.
- Alisin ang mga piraso ng anumang materyales mula sa mga kanal at gutter na malapit sa iyong bahay.
- Magtanim ng takip sa lupa sa mga kalbong dalisdis na malapit sa iyong bahay upang makatulong na panatilihin ang lupa sa lugar.



## MANATILING LIGTAS SA PANAHON NG MUDSLIDE O DEBRIS FLOW

- Manatiling alerto. Makinig sa mga tunog na posibleng mangahulugang may parating na mudslide/debris flow, tulad ng mga punong nabibiyak o malalaking batong nagtatama. Ang isang mahinang ugong ay maaaring maging dagundong habang papalapit ang isang mudslide o debris flow.
- Lumipat sa pinakamalapit na mataas na lupa kung nakatira ka malapit sa isang lugar na madaling tamaan ng mga mudslide o debris flow.
- Huwag maglalakad sa umaagos na tubig. Mapapatumba ka ng kahit 6 na pulgada lang ng tubig. Kadalasan, hindi mo masasabi kung gaano ito kalalim o kung ano ang itinatago ng tubig.
- Huwag subukang magmaneho sa baha, debris flow, o sa mga binahang lugar. Labing dalawang pulgadang tubig lang ang kailangan upang tangayin ang karamihan ng sasakyan at ang 2 talampakan ng rumaragasang tubig ay kayang umanod ng anumang sasakyan—mga kotse, SUV, at trak.



## BUMAWI MULA SA MUDSLIDE O DEBRIS FLOW

- Pagkatapos ng mudslide o debris flow, lumayo sa lugar na pinangyarihan nito. Mas maraming mudslide, debris, o pagbaha ang maaaring sumunod sa nauna.
- Kung kailangan mong lumikas mula sa iyong bahay, kahit na para sa isang potensyal na mudslide, huwag babalik hangga't hindi sinasabi ng mga opisyal na ligtas na.
- Idokumento ang anumang pinsala gamit ang mga larawan bago simulan ang paglilinis o pag-aayos.
- Makipag-ugnayan sa iyong provider ng seguro upang iulat ang anumang pinsala sa iyong bahay at magtanong tungkol sa mga inirerekomandang susunod na hakbang.

